

SI CAT STEVENS, DATING MANG-AAWIT, UK (BAHAGI 1 NG 2)

Marka:

Paglalarawan?: Isa sa mga pinakatanyag na pigura sa mundo ng musika noong dekada 70 at ang kanyang paghahanap para sa katotohanan. Bahagi 1: Buhay bilang isang musikero.

Kategorya: [Mga Artikulo](#) [Mga kuwento ng mga Bagong Muslim](#) [Mga Personalidad](#)

Ni: Cat Stevens

Nailathala noong: 24 Aug 2020

Huling binago noong: 11 Oct 2009

Ang sasabihin ko lang ay ang lahat ng alam niyo na, upang kumpirmahin lang ang nalalaman niyo, ang mensahe ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) na ibinigay ng Diyos - ang Relihiyon ng Katotohanan. Bilang tao tayo ay binigyan ng malay at isang tungkulin na inilagay tayo sa tuktok ng paglikha.. Mahalagang mapagtanto ang obligasyon na alisin ang ating sarili sa lahat ng mga ilusyon at gawin ang ating buhay bilang isang paghahanda para sa kabilang buhay. Ang sinumang makaligtaan ang pagkakataong ito ay malamang na hindi bibigyan ng isa pa, na maibalik muli, dahil sinasabi sa Maluwahating Quran na kapag ang tao ay pinanagot, sasabihin niya, "O Panginoon, pabalikin mo kami at ibigay sa amin ang isa pang pagkakataon. Sasabihin ng Panginoon, 'Kung ibabalik kita pareho lang ang gagawin mo.'"



Ang Relihiyosong Pagpapalaki sa Aking Kabataan

Ako ay pinalaki sa modernong mundo ng lahat ng mga luho at mataas na buhay ng negosyo sa palabas (showbiz world). Ipinanganak ako sa isang Kristiyanong tahanan, ngunit alam natin na ang bawat bata ay ipinanganak sa kanyang orihinal na kalikasan - ang kanyang mga magulang lamang ang naglalagay sa kanya sa relihiyon na iyon. Binigay sa akin ang relihiyon na ito (Kristiyanismo) at sa ganitong paraan ako nag-isip. Itinuro sa akin na mayroong Diyos, ngunit walang direktang pakikipag-ugnayan sa Diyos, kaya kinailangan naming makipag-ugnayan sa Kanya sa pamamagitan ni Hesus - siya ay katunayan ang pintuan ng Diyos. Ito ay humigit kumulang na tinanggap ko, ngunit hindi ko nilunok lahat.

Tiningnan ko ang ilan sa mga rebulto ni Hesus; sila ay mga bato lamang na walang buhay. At nang sinabi nilang tatlo ang Diyos, lalo akong naguluhan ngunit hindi ako

maaaring makipagtaló. Ako'y medyo naniwala, dahil kailangan kong magkaroon ng paggalang sa pananampalataya ng aking mga magulang.

Mang-aawit

Unti-unting akong nalalayo sa nakalakihang relihiyon na ito. Nagsimula akong lumikha ng musika. Nais kong maging isang malaking kilalang tao. Ang lahat ng mga bagay na nakita ko sa mga pelikula at sa medya ang nakabighani sa akin, at marahil naisip kong ito ang aking Diyos, ang layunin na kumita ng pera. Mayroon akong tiyuhin na may magandang kotse. "Well, sinabi ko," nagtagumpay siya. Marami siyang pera. " Naimpluwensyahan ako ng mga tao sa aking paligid na isipin na ito; ang mundong ito ang kanilang Diyos.

Napagpasyahan ko noon na ito ang buhay para sa akin; upang makagawa ng maraming pera, magkaroon ng isang 'mahusay na buhay.' Ngayon ang aking mga halimbawa ay ang mga mang-aawit. Nagsimula akong lumikha ng mga kanta, ngunit sa kaibuturan ko ay may malalim akong pagtingin para sangkatauhan, isang pakiramdam na kung ako ay yumaman ay tutulungan ko ang nangangailangan. (Sinasabi sa Quran, gumagawa tayo ng isang pangako, ngunit kapag nakuha na natin ito, nais nating panghawakan ito at nagiging sakim.)

Kaya ang nangyari ay naging sobrang sikat ako. Bata pa ako, ang aking pangalan at larawan ay nagkalat sa lahat ng medya. Ginawa nila akong mas malaki kaysa sa buhay, kaya ninais kong mamuhay nang mas malaki kaysa sa buhay, at ang tanging paraan upang gawin iyon ay ang paglalasing (ng alkohol at droga).

Sa Ospital

Matapos ang isang taon ng tagumpay sa pananalapi at 'mataas' na pamumuhay, nagkasakit ako, nahawahan ng TB at kailangang maospital. Noon nagsimula akong mag-isip: Ano ang mangyayari sa akin? Ako ba ay isang katawan lamang, at ang layunin ko sa buhay ay para lamang masiyahan ang katawan na ito? Napagtanto ko ngayon na ang kapahamakan na ito ay isang pagpapala na ibinigay sa akin ng Diyos, isang pagkakataon upang mabuksan ang aking mga mata - "Bakit ako narito? Bakit ako nasa kama?" - at sinimulan kong hanapin ang ilan sa mga sagot. Sa oras na iyon, nagkaroon ako ng malaking interes sa Silangang mistisismo. Sinimulan kong magbasa, at ang unang bagay na aking nalaman ay ang kamatayan, at ang kaluluwa ay nagpapatuloy; hindi ito tumitigil. Pakiramdam ko ay tinatahak ko ang daan patungo sa kaligayahan at mataas na tagumpay. Nagsimula akong magnilay at naging isang vegetarian. Naniniwala ako ngayon sa 'kapayapaan at flower power,' at ito ang pangkalahatang kalakaran. Ngunit ang pinaniwalaan ko sa partikular ay hindi lamang ako katawan. Ang kamalayan na ito ay dumating sa akin sa ospital.

Isang araw habang naglalakad ako, at naabutan ako ng ulan, ako'y tumakbo sa silungan at napagtanto ko, 'Teka lang, basa na ang aking katawan, ang aking katawan ay nagsasabi sa akin na basa na ako.' Dahil dito naisip ko ang isang kasabihan na ang katawan ay tulad ng

isang asno, at dapat itong sanayin kung saan nito kailangang pumunta. Kung hindi, ang asno ay hahantong sa kung saan nais nitong pumunta.

Pagkatapos ay napagtanto kong mayroon akong kalooban, isang regalong ibinigay ng Diyos: sundin ang kalooban ng Diyos. Nabighani ako sa bagong terminolohiya na natutunan ko sa relihiyong Silangan. Sa ngayon, sawang-sawa na ako sa Kristiyanismo. Nagsimula akong gumawa muli ng musika, at sa oras na ito nagsimula akong magmuni-muni sa aking sariling mga saloobin. Naaalala ko ang liriko ng isa sa aking mga kanta. Ganito iyon: "Sana alam ko, nais kong malaman kung sino ang gumawa ng Langit, kung sino ang gumawa ng Impiyerno. Makikilala kaya kita sa aking higaan o sa isang maalikabok na selda habang ang iba ay dumarating sa malaking hotel?" at alam kong nasa Landas ako.

Sumulat din ako ng isa pang kanta, "The Way to Find God Out." Mas naging sikat ako sa mundo ng musika. Nahihirapan talaga ako dahil ako ay yumayaman at sumisikat, at sa parehong oras, taimtim akong naghahanap sa Katotohanan. Pagkatapos ay napunta ako sa isang yugto kung saan napagpasyahan ko na ang Budismo ay maayos at marangal, ngunit hindi pa ako handang umalis sa mundo. Masyado akong nakadikit sa mundo at hindi pa handa na maging isang monghe at ihiwalay ang aking sarili sa lipunan.

Sinubukan ko ang Zen at Ching, numerolohiya, mga tarot card at astrolohiya. Sinubukan kong tumingin muli sa Bibliya at wala akong makitang anuman. Sa panahong ito wala akong alam tungkol sa Islam, at pagkatapos, ang itinuturing kong himala ay nangyari. Ang aking kapatid ay bumisita sa moske sa Jerusalem at labis na humanga na sa isang banda ay puno ito ng buhay (hindi katulad ng mga simbahan at mga sinagoga na walang laman), sa kabilang banda, isang kapaligiran ng kapayapaan at katahimikan ang nangingibabaw.

Ang web address ng artikulong ito:

<https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/87/si-cat-stevens-dating-aawit-uk-bahagi-1-ng-2>

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.